# THALASSEMIAS & HEMOGLOBINOPATHIES

## Ano ang Thalassemia Trait/Minor?

Ito ay isang mild disorder ng pulang dugo na maaaring magdulot ng pamumutla. Ngunit sa maraming pagkakataon, ang mga bata ay walang sintomas at lumalaking normal.

## Nangangahulugan bang magiging normal ang buhay ng aking anak?

Oo. Mahalagang alalahanin na dala-dala lamang ng bata ang katangiang ito subalit hindi lilitaw o mararamdaman ang naturang kondisyon. Posibleng maipasa ang katangiang ito sa kanilang magiging anak kung kaya't napakahalagang siyasatin din kung may ganitong katangian ang kanilang magiging kabiyak sapagkat maaaring magresulta ito ng malubhang kaso ng thalassemia o maagang pagkasawi ng kanilang sanggol. Ang sinumang mayroong malubhang kaso ng thalassemia ay kakailanganin ng madalas na blood transfusion habang sila ay nabubuhay.

## May mga dapat ba akong iwasan o maibigay sa aking anak?

Iwasan ang pagbibigay ng iron supplements sa inyong anak. Bagkus, iminumungkahi ang Vitamin C, Folic acid, Vitamin E at D na madalas ay matatagpuan sa mga multivitamin preparations.

## Sa anong uri ng doktor o espesyalista dapat dalhin ang anak ko para sa regular check up?

Matutugunan ng inyong doktor ang kanilang pangangailangan sa kalusugan. Maaaring may mga pagkakataon na kailangan ninyo ring bumisita sa isang pediatric hematologist alinsunod sa magiging rekomendasyon ng inyong doktor.

## Anong mga bakuna ang dapat nilang matanggap?

Kailangan nilang matanggap ang mga karaniwang bakuna na iminumungkahi ng Philippine Pediatric Society. Iminumungkahi rin na makatanggap sila ng bakuna para sa pneumococcal, influenza, at HIB.

References:

*Newborn Screening Reference Center. "English Fact Sheets for Parents on Thalassemias and Hemoglobinopathies", Isinalin sa Filipino ng Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas – Manila. 2022.*